

Pagbabayad-pinsala:

Sa mga kasong felony (at ilang kasong misdemeanor) ang hukuman ay maaaring mag-utos sa napatunayang kriminal na magbayad sa mga biktima para sa mga nawala sa kanila. Ito ay tinatawag na **pagbabayad-pinsala**.

Itatanong sa iyo ng kagawaran ng probasyon kung gusto mong ipaliwanag kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen. Ito ay isang pagkakataon para sa iyo na:

- Ilista ang iyong mga pinansiyal na kawalan na may kaugnayan sa krimen, at
- Humingi ng pagbabayad-pinsala.

Babasahin ng hukuman ang iyong pahayag bago nito ipasiya ang parusa.

Ikaw ay may karapatang:

- Pumunta sa hukuman kapag ang kriminal ay sesentensiyahan.
- Sabihin sa hukuman kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen.
- Sabihin kung anong parusa ang pinaniniwalaan mong pinakamabuti, kabilang ang pagbabayad-pinsala (pera upang bayaran ang mga nawala sa iyo na may kaugnayan sa krimen.)

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa iyong karapatan sa pagbabayad-pinsala at pagsentensiya, kontakin kami sa **1-800-842-8467**.

Maaari kang magsalita sa pagdinig tungkol sa parol ng bilanggo

Para sa mga napakaseryosong krimen, ang bilanggo ay hindi maaaring palayain nang walang pagdinig sa parol. May karapatan kang magsalita sa pagdinig na iyon. Maaari mong sabihin sa Lupon ng Parol ang iyong opinyon tungkol sa kung kailan dapat palayain ang bilanggo.

Tandaan: Kung ang kriminal ay wala pang 18, may mga natatanging tuntunin. Kontakin ang Lupon ng Parol ng Kabataan (Juvenile Parole Board) sa **1-916-683-7460**.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga pagdinig na kaugnay ng parol, kontakin ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (California Department of Corrections and Rehabilitation), Opisina ng mga Karapatan ng Biktima at Nakaranas at Serbisyo (Office of Victim and Survivor Rights and Services) sa: www.cdcr.ca.gov/Victim_Services/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-877-256-6877**.

Ibang mga programang tutulong sa inyo

Maraming espesyal na programang sumusuporta at mga grupo ng pagtataguyod na tumutulong sa mga biktima at sa kanilang mga pamilya, kabilang ang mga biktima ng panggagahasa, karahasan sa tahanan, at pang-aabuso ng bata. Kontakin kami para sa tulong sa paghahanap ng isang programa o organisasyon.

Tungkol sa Amin

Ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen ay matatagpuan sa kampus ng Paaralan ng Batas ng Pacific McGeorge sa Sacramento, California. Ang aming mga serbisyo ay **libre**. Alam ng aming mga ekspertong tauhan ang pinakabagong impormasyon sa larangan. Tinuturuan namin ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at ibang mga tagapagtaguyod ng biktima tungkol sa:

- Mga legal na karapatan ng mga biktima,
- Kabayaran sa mga biktima,
- Pagbabayad-pinsala,
- Mga hablang sibil, at
- Mga karagdagang karapatan ng lahat ng mga biktima ng krimen (kabilang ang matatanda, mga bata, at mga taong may kapansanan).

Kami ay nag-aalay rin ng:

- Teknikal na tulong at pananaliksik na pambatas sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.
- Mga libreng presentasyon ng “Alamin ang Inyong mga Karapatan” sa mga grupong pangkomunidad.

Kami ay nagpapatakbo ng **1-800-VICTIMS** – ang pambuong-estadong walang-bayad na nakahandang linya na nagbibigay ng kompidensiyal na impormasyon at mga pagrekomenda sa mga biktima, sa kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at mga tagapagtaguyod ng biktima. Ang nakahandang linya ay binubuo ng mga estudyante ng batas sa McGeorge at pinangangasiwaan ng mga abugado.



Victims of Crime
Resource Center
1-800-VICTIMS (842-8467)
TTY: 1-916-739-7083
www.1800VICTIMS.org
Email: 1800VICTIMS@pacific.edu

Ang pagpopondo ay ginawang posible sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisiya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Batas sa mga Biktima ng Krimen, 2015-VA-GX-0058. Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa (mga) awtor at hindi nangangahulugang mula sa Cal OES o Kagawaran ng Hustisiya ng U.S.

Suporta para sa mga Biktima ng Krimen sa California



Isang
Pangkalahatang-
tanaw

Victims of Crime Resource Center
(Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen)

1-800-VICTIMS (1-800-842-8467)

TTY: 916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

1800VICTIMS@pacific.edu

Mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen sa California

Kung ikaw ay biktima ng krimen, maaaring kailanganin mo ng suporta upang makabangon mula sa krimen. Ang krimen ay maaaring nagdulot sa iyo ng problema sa pananalapi, batas, kalusugan, o isipan. Ang polyetong ito ay nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan, at mga serbisyo at suportang makukuha mo at ng iyong pamilya.

Ikaw ay may karapatang:

Makakuha ng Pera. Ang hukuman ay maaaring mag-utos sa kriminal na bayaran ang mga nawala sa iyo dahil sa krimen, kabilang ang pera upang magbayad para sa:

- Pagpapayo,
- Nawalang sahod,
- Mga singil na medikal para sa iyong mga pinsala, at
- Mga gastos sa pagpapalibing.

Sabihin sa hukuman ng tungkol sa mga nawala sa iyo. Bago ipasiya ng hukuman ang parusa sa kriminal, masasabi mo sa hukuman kung paano nakaapekto sa iyong buhay ang krimen.

Magkaroon ng kaligtasan at proteksiyon. Kung ikaw, ang iyong pamilya, o sinumang testigo ay natatakot sa kriminal, makahihingi ka sa hukuman ng utos na nagpoprotekta.

Maghabla sa hukuman ng maliliit na paghahabol. Kung hindi ka naghahabla para sa higit sa \$10,000, makapaghahabla ka sa hukuman ng maliliit na paghahabol. Hindi mo kailangan ng abugado sa hukumang iyon. At ang bawat hukuman ay may mga tagapayo sa maliliit na paghahabol upang tulungan ang mga tao sa kanilang mga kaso.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, pumunta sa: www.courts.ca.gov/selfhelp-smallclaims.htm

Ang isang espesyal na batas, tinatawag na Mga Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima (o Marsy's Law), ay sumusuporta sa mga biktima ng krimen at sa kanilang mga pamilya.

Magandang ideya na basahin ang batas na ito upang mas mahusay na maintindihan ang lahat ng iyong mga karapatan. Maaari mong ilimbag ang batas at ilaran ang mga tagatulong sa: www.oag.ca.gov/victimservices/marsy

Maghabla sa hukumang sibil. Maaari kang magsampa ng habla laban sa kriminal upang humingi ng pera, o mga bayad na pambatas. Kung ang mga may-ari ng ari-arian o mga entidad ng gobyerno ay may bahagi sa krimen, maihabla mo rin sila.

Mahalaga! May napakahigpit na huling-araw para sa pagsisimula ng hablang sibil, at ang mga tuntunin ng hukuman ay maaaring kumplikado. Kung gusto mong maghabla, makipag-usap agad sa isang abugado. Upang makahanap ng isang abugado, tumawag sa:

Serbisyong pagrekomenda sa abugado ng Bar ng Estado ng California: **1-866-442-2529**.



Tulong Upang Makakuha ng Pera at Suporta

May ilang programa at proseso na tumutulong sa mga biktima na makakuha ng pera, suporta, at patnubay, kabilang ang:

- Lupon sa Kabayaran sa Biktima ng California (California Victim Compensation Board, CalVCB)
- Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo (bawat county ay mayroon nito)
- Pagbabayad-pinsala
- Ibang mga programa at organisasyon

Lupon sa Kabayaran sa Biktima ng California

Ang programang ito ay makapagbayad ng hanggang **\$70,000** sa bawat biktima para sa mga gastos na resulta ng krimen. Makahihingi ka ng tulong sa mga gastos na hindi lubos na sakop ng iyong seguro, hatol, o ibang mga programa, kabilang ang:

- Pagpapayo, medikal, at dental na mga serbisyo o kagamitan
- Mga nawalang sahod, suporta para sa mga nakadepende, o pag-aalaga ng bata kung ang bumubuhay sa pamilya ay nawalan ng kakayahan o namatay dahil sa krimen
- Mga gastos sa pagpapalibing
- Pagsasanay o muling pagsasanay para sa trabaho

- Mga sistemang panseguridad ng bahay o mga pagbabago sa iyong bahay o sasakyan na kailangan mo dahil ang krimen ay naging sanhi ng pagkawalang-kaya
- Mga gastos sa paglilinis ng pinangyarihan ng krimen at mga gastos sa paglipat
- Mga kabahagi sa binabayaran sa seguro

Mahalaga! Ang programang ito ay hindi sumasakop sa pagkawala ng *ari-arian*.

Sino ang Makakakuha ng Kabayaran

Makahihingi ka ng kabayaran kung hindi ka tumulong na mangyari ang krimen, handang iulat ang krimen, makipagtulungan sa tagapagpatupad ng batas, at ikaw ay:

- napinsala dahil sa isang kuwalipikadong krimen,
- nakadepende sa biktima,
- ang tagapag-alaga ng isang biktimang wala pang 18,
- nagbabayad ng mga singil para sa isang taong namatay dahil sa isang krimen, o
- isang kamag-anak o miyembro ng sambayanan ng biktima at kailangan mo ng pangangalagang medikal o pagpapayo, o ikaw ay nagkaroon ng pinansiyal na kawalan na may kaugnayan sa krimen.

Paano Makakakuha ng Kabayaran

Mag-aplay sa loob ng **3 taon** pagkatapos ng krimen maliban kung may magandang dahilan para sa pag-aaplay sa dakong huli. Ang takdang panahong ito ay maaaring palawigin para sa mga batang biktima. Upang mag-aplay, kontakin ang Lupon sa Kabayaran sa Biktima ng California:

- Tumawag sa: **1-800-777-9229**
- Bisitahin ang: www.victims.ca.gov

Ibang mga Paraan Upang Makakuha ng Kabayaran

Maraming ibang mga programang nagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga biktima, kabilang ang:

- Kabayaran ng mga Manggagawa (Workers' compensation)
- Seguro sa pagkawala ng trabaho
- Pansamantalang Tulong sa mga Naghihirap na Pamilya (Temporary Assistance to Needy Families, TANF)
- Pederal at pang-estadong mga programa sa pagkawalang-kaya
- Medi-Cal
- Iyong seguro sa bahay o sasakyan



Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo

Sa bawat county, ang Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo (Victim/Witness Assistance Centers) ay tumutulong sa mga biktima sa mga problemang dulot ng krimen, at makakatulong sa iyo sa lahat ng yugto ng proseso ng hustisyang pangkrimen.

Ang inyong Sentro ay tutulong sa iyo na:

- Mag-aplay sa Lupon sa Kabayaran sa Biktima
- Maghanda para sa hukuman, kabilang ang pagsasabi sa hukuman kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen, at paghingi sa hukuman na utusan ang kriminal na bayaran ka para sa pinsala
- Kumuha ng mga pagrekomenda sa ibang mga programang tutulong sa iyo
- Mag-ayos ng transportasyon at pag-aalaga ng bata kapag pupunta ka sa hukuman
- Kumuha ng pang-emerhensiyang pagkain, tirahan at mga damit
- Kumuha ng mga utos ng hukuman upang protektahan ka at ang iyong pamilya
- Ipaliwanag ang nangyari sa iyong pinagtatrabahuhan, mga doktor at pinagkakautangan

Paano mahanap ang inyong Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo

Upang mahanap ang inyong Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo:

- Tawagan kami sa: **1-800-VICTIMS (842-8467)**
- TTY: **1-916-739-7083**
- Bisitahin kami sa: www.1800VICTIMS.org